



Tagalog - Lengguwahe Tulong para sa mga Botante ng Lalawigan ng Santa Clara

Mga Mabilisang Tip!

Kung ikaw ay boboto ng personal, laging tanungin ang trabahante sa inyong sentro ng botohan kung ano ang mga materyales na mayroon sila sa lengguwahe na nais mo. Tanungin na rin kung mayroong trabahante na nakakapagsalita ng lengguwae mo.

Kung ikaw ay boboto sa pamamagitan ng koreo, pumunta online sa <https://voterstatus.sos.ca.gov> upang ilagay ang iyong nais na lengguwahe. Kung mayroong mga naisaling materyales para sa iyong lugar, ito ay ipapadala sa iyo sa koreo ng walang bayad.

Pagboto mula sa Bahay

Bago ang Araw ng Eleksyon, makukuha mo ang mga naisaling materyales sa koreo. Upang makatanggap ng naisaling materyales, siguraduhin na i-update ang iyong nais na lengguwahe sa <https://voterstatus.sos.ca.gov> o tumawag sa tanggapan ng eleksyon (866-430-8683).

Kung nais mong bumoto sa **Tagalog**, magkakaroon ng mga naisaling bersyon ng **lahat** ng materyales sa koreo bago ang Araw ng Eleksyon. Kabilang dito ang mga gabay ng impormasyon para sa botante, na naglalaman ng mga makakatulong na impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga hakbang sa balota.

Kung ikaw ay hindi nakatanggap ng balota o mga materyales sa iyong nais na lengguwahe, tumawag sa tanggapan ng eleksyon.

Pagboto ng Personal

Kung ikaw ay boboto ng personal sa isang sentro ng botohan, maaari kang gumamit ng tulong na berbal. Ikaw ay pinapayagang magdala ng hanggang sa dalawang taong tutulong sa iyo upang makaboto basta't ang mga ito ay hindi nagrerepresenta sa iyong amo o unyon. Magsama ng kapamilya o kaibigan!

Kung mayroong mga manggagawa sa botohan na bilinggwal, **sila'y nakasuot dapat ng tsapa, laso o etiketa** na nagsasabi ng lengguwahe na kanilang sinasalita.

Kung ikaw ay boboto ng personal sa sentro ng botohan, maaari mong gamitin ang mga naisalin na materyales sa pagboto sa Tagalog, kabilang ang mga balotang maaari mong magamit sa pagboto. Ang mga ito ay dapat na mayroon sa bawat sentro ng botohan. Ipagbigay alam sa manggagawa sa sentro ng botohan kapag ikaw ay nasa lugar na na nais mong makakuha ng balotang nasa Tagalog at bibigyan ka nila nito.

Kung nakaranas ka ng mga isyu habang bumoboto, makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan sa 866-430-8683 o tumawag sa 888-API-VOTE (888-274-8683) para sa tulong.